PRIORITY
PAR AVION
BY AIR MAIL




# Isang Liham Para Sa Iyo

**ISBN 978-3-96162-148-4**

© 2025 by GBV Dillenburg GmbH
www.gbv-dillenburg.de
www.gbv-online.org

Sa kagandahang loob ng
Verbreitung der Heiligen Schrift, www.vdhs.com

Printed in Germany

© Mga larawan: panthermedia.net, fotolia.com



# Para sa iyo lamang

Hawak mo ngayon ang isang naiibang sulat na para sa iyo lamang.

Maaring isipin mo "di ba't ang mga sulat kamay sa mga papel ay hindi na uso?" Totoo yan. Ang mga sulat ay napalitan ng mga "texts" at "emails".

**>> Pero kahit na sa panahong ito na digital age ang tawag natin, ang mga espesyal na mga Sulat ay nasusulat pa rin sa mga papel. Pinapatunayan lamang nito ang kanilang kahalagahan,**

Bigyan mo ng oras and kakaibang liham na ito na hawak mo ngayon. Ito'y napakahalaga. Kaya basahin mong mabuti. Hindi mo pagsisisihan ang pagbasa nito.

**Malalaman mo ang mga kagulat-gulat na mga impormasyon tungkol sa**

- **isa pang mas mahalagang liham**
- **ang pinaka makahulugang kasulatan**
- **ang pinakamabuting mensahe at kahanga-hanga sandigan nito at usapin**



## Ang natatanging liham na ito ay para sa iyo lamang galing sa Dios mismo.





# Ang Bibliya, ang Liham mula sa langit, galing mismo mula sa Dios

**Dios ang kahanga-hangang manlilikha ng buong sangkalawakan.**

**Galing sa Kaniya ang buhay mo at kilala ka Niya ng buong ganap**

**Nais Niyang makausap ka at tuwirang ialok ang kaniyang pag-ibig sa iyo.**

Di mo alam na may liham ang Dios sa iyo? Baka meron ka nito sa bahay nyo, pero hindi mo lang napapansin.

Hindi mo winawalang bahala ng gayon na lamang ang isang personal na liham sa iyo. Kung gayon, buksan mo ang liham ng Dios sa iyo. Basahin mo ang Bibliya!

Wala ka pang Bibliya? Malugod kaming magpapadala ng Bibliya sa iyo ng walang bayad.

Sa katapusan ng babasahing ito makikita mo ang isang "voucher card"





# Isang kakaibang liham

Oo, tama ang pagka-intindi mo. Ang tinutukoy ng babasahing ito ay ang Bibliya, ang Salita ng Dios, na isinalarawan dito bilang “Isang Liham Para sa Iyo”. Ang dahilan kung bakit napaka halaga ng Liham na ito ay sapagka’t Ang Dios ang sumulat nito.

Maaring ikatwiran mo: “Ang Bibliya ay nasulat sa loob ng maraming siglo ng ibat-ibang mga tao. Kadalasan pa nga ni hindi sinabi ang kanilang mga pangalan”.

**Oo, iyan ay tama. Ganun pa man idinikta ng Dios ang Kaniyang mensahe ng tuwiran sa mga pinili Niyang mga tao:**



**propesiya na dumating kailanman sa pamamagitan ng kalooban ng tao kundi ang mga taong inudyukan ng Espiritu Santo ay nagsalita mula sa Diyos.**

2 Pedro 1:21



Ginamit ng Dios ang kanilang mga kakayahan, edukasyon, karanasang pang kultura, mga pinang-galingang lipunan pati na ang kanilang estilo ng pagsulat. Sinulat nila ang bawat salita kung ano ang nais ng Dios na isulat nila. Ang tawag dito ay “inspirasyon.”

## Ang mga aklat ng Bibliya

> Ito ay nahahati sa 2 bahagi:

> Lumang Tipan (39 na mga aklat)
> Bagong Tipan (27 mga aklat)

> Ang Bagong Tipan ay kinabibilangan ng

> ang apat na Ebanghelyo
> ang mga Gawa ng mga apostol
> 21 mga liham
> ang Pahayag

Ang Bibliya ay nagbibigay ng mga sagot sa iyong mga katanungan sa buhay.

Bukod tanging mararanasan mo ang positibong pagbabago na magagawa ng pag-ibig ng Dios sa iyong buhay.

Genesis
Exodo
Levitico
Mga Bilang
Deuteronomio
Josue
Mga Hukom
Ruth
I Samuel
II Samuel
I Mga Hari
II Mga Hari
I Mga Cronica
II Mga Cronica
Ezra
Nehemias
Esther
Job
Mga Awit
Mga Kawikaan
Eclesiastes
Ang Awit ng mga Awit
Isaias
Jeremias
Mga Panaghoy
Ezekiel
Daniel
Hoseas
Joel
Amos
Obadias
Jonas
Mikas
Nahum
Habakuk
Sefanias
Hagai
Zacarias
Malakias

Mateo
Marcos
Lucas
Juan
Mga Gawa
Mga Taga-Roma
I Mga Taga-Corinto
II Mga Taga-Corinto
Mga Taga-Galacia
Mga Taga-Efeso
Mga Taga-Filipos
Mga Taga-Colosas
I Mga Taga-Tesalonica
II Mga Taga-Tesalonica
I Kay Timoteo
II Kay Timoteo
Tito
Filemon
Mga Hebreo
Santiago
I Pedro
II Pedro
I Juan
II Juan
III Juan
Judas
Apocalipsis



## Ang mga "Nakayukong Henerasyon"

Kabilang ka ba sa henerasyong ito, o ang pagtawag sa henerasyong ito ay walang pagtukoy sa iyo? Parati ka bang naglalakad na nakatungo at naka tuon lang ang pansin mo sa iyong smartphone o tablet?

Kapag parati kang online sa lahat ng dako nagiging sanhi ito upang ikaw ay mapaliguan ng daluyong ng mga impormasyon galing sa internet. Meron pa bang ibang mga bagay maliban sa surfing, chatting at tweeting? Ang mga oras ay lumilipas at ang iyong mga pandama ay sobrang napapagod. Hindi rin malayo na ang iyong kaluluwa ay narumihan. Nalalaman mo yan, pero...?

**TIP:** Kung gusto mong makilalang personal ang Dios hindi mo maaaring lagpasan ang Bibliya. Kailangan mo ng katahimikan sa kapaligiran mo para basahin ito. Kung gayon patayin mo ang lahat ng mga bagay na maaaring umistorbo sa iyo. Magugulat ka kung paanong makakatulong ito sa iyo. Ang iyong kaisipan ay mai-impluwensyahan ka sa positibo at dalisay na paraan.
Sa pag-gawa mo nito, makikita mo ang katotohanan at makikilala mo ang Isa na totoong interesado sa iyo, na umiibig sa iyo na Siya ring nagnanais na bigyan ka ng mas makabuluhang buhay na may malalim na kahulugan at isang nagbibigay gantimpalang layunin.

Sa mga pahina 62-63 makikita mo ang mga mungkahi kung paano mo maaaring basahin ang Bibliya.

**Pakiusap simulan mo na!**



# Ang Bibliya ba ay napapanahon?

**Maraming mga tao ang naniniwala na isang kawalan ng muwang ang tratuhin ang "isang lumang aklat ng mga nakaraang panahon." Ang opinion nila na ang makabagong tao ay hindi na maniniwala pa sa Bibliya.**

**Ang pahayag na ito na sinusuportahan ng mga mamamahayag ay tanggap na kahit walang pagsisiyasat. Bihira na ang may sariling opinion.**

**Gayunpaman, karaniwang kamalian na isiping ang katwiran at talino ay kailangang tanggihan ang Bibliya.**

**Sa mga sumusunod na pahina masusumpungan mo ang maraming katotohanan na nagpapatibay sa katotohanan at kahulugan ng Bibliya.**

**Mapalad silang nakikinig sa salita ng Diyos at sinusunod ito.**

Lucas 11:28

# Isang maharmonyang himala



Isa sa aking mga kakilala ay isang musikero at kaya niyang tumugtog ng ilang ibat-ibang mga instrumento. Ginagamit nya ang kaniyang computer para mag record ng mga tunog at dahil dito ay nakakalikha sya ng ilang pirasong sining.

Paliwanag nya: "Ginagamit ko ang oboe para tugtugin ang soprano. Ito ang pag-record ng unang sountrack.

Sa ikalawang soundtrack ni-rerecord ko ang alto ng hindi buburahin ang unang recording. Ganito ko dinaragdag ang anim psng mga instrumento, hangang sa pinakamalalim na baho.



Pagkatapos nito ay pinagsama-sama ko ang walong soundtracks. Gusto mo bang marinig ang resulta nito?

Ang narinig ko ay isang maluwalhating symphony. Mahirap paniwalaan na kayang gawin ito ng isang musikero lamang!

Ganyan din ang Bibliya. Sinulat ito ng mahigit sa 40 ibat-ibang tao. Lahat sila ay inspirado ng walang kapares na Artist: Ang Dios Espitu Santo, na syang gumawa ng 40 mga instrumento na tumugtog.

**Ang bawat aklat ng Bibliya ay may kani-kaniyang katangian, subali't ang lahat ng ito ay umuugnay magkakasama ng may harmony alinsunod sa plano ng Dios.**

**Ito ang isa sa mga kagulat-gulat na himala ng Bibliya!**

**>>> Basahin mo ang Bibliya upang galugarin mo ang katangi-tanging harmony nito!**





# Naghintay sa wala ...

Isang lalaki, na wala namang anomang pakialam sa Bibliya, ay nais na kumbinsihin ang isang bagong Kristiyano na ang Bibliya ay laos na at salungat sa mga makabagong tuklas. Ninais nya na padalhan ang bagong Kristiyano ng ilang piling sinulat mula sa siyensiya at pilosopiya tungkol sa paksang ito.

Nugnit hindi natinag ang kabataang ito sa kaniyang pananampalataya."kung wala kang anomang mas magaling pa sa Sermon sa bundok (Mateo 5:7); anomang mas maganda kaysa istorya ng Mabuting Samaritano, ng istorya ng alibughang anak, o, ng babae doon sa balon ng Sychar (Lucas 10 at 15; Juan 4); Kung meron kang taglay na anomang mas nakakaaliw pa sa Mga Awit 23 o may alam kang anoman na naghahayag ng pag-ibig ng Dios sa akin na mas maigi kaysa sa regalo na si Hesukristo, o anomang bagay na naglalarawan ng kinabukasan na walang hanggan na mas malinaw pa kaysa Bibliya, kung magkagayon ipadala mo agad ito sa akin sa lalong madaling panahon.

Naghintay siya ng tugon pero naghintay siya sa wala.

**Walang anomang aklat na maaring ihambing sa Bibliya. Simple lamang ang kadahilanan: Ang Bibliya ay ang aklat ng Dios.**

# Paano nakarating sa atin ang Bibliya

## Paano at ano ang isinulat ng mga tao?

3000 BC

Kung ang sinoman ay nais sumulat ng isang liham nung mga panahon na 5,000 taon na ang nakalipas, hindi nila ito ginawa gamit ang papel at tinta. Ang ginamit nila noon ay yung tinatawag na “cuneiform”. Ito ay mga senyas at simbolo na inukit sa mga tablets na gawa sa clay tablet na tinuyo sa apoy.

Habang hinuhukay ang mga lumang syudad na ngayon ay tinatawag nating bansang Syria at Iraq, libo-libong mga malilit na clay tablets na naglalaman ng mga kasulatang ito ay natagpuan.







Humigit kumulang noong panahon ding iyon, ang mga Egyptians ay may ginawang ibang uri ng pagsulat na pictographic at symbolic (hieroglyphics), na makikita rin natin sa mga pyramids. Kinailangan ng mga dalubhasa sa wika ng daang taon upang intindihin ang mga sinulat ng mga pinaka-lumang mga wika ng sangkatauhan.

1500 BC

Ang lahat ng mga sulating ito ay may mga kapinsalaan: sila’y kinabibilangan ng daan dang mga simbolo. Tanging noong 1500BC lamang naimbento ang alpabeto.

1000 BC

Ito’y mabilis na kumalat mula 1000BC at may mangilan-ngilang pagbabago. Ito ang batayan ng ating alpabeto Latino na gamit pa rin hanggang ngayon.



Maliban sa luwad, bato o kahoy, nang bandang huli ay gumamit ang mga tao ng halamang papyrus. Kalaunan ginamit ng tao ang pergamino (mula sa mga balat ng hayop) na siyang pinagmulan ng balumbon ng mga aklat.



**Ganito inayos ng Dios sa kamang-manhang paraan nung mga panahon na yon kung paano nasulat ang Bibliya, may payak gayunman ay mga malinaw na sulating handa.**

## Pagsulat, pag-iipon at pagtatagong maayos.

Si Moses ang isa sa pinaka-naunang mga manunulat ng Bibliya. Mga ilang beses na mababasa natin na ibinigay ng Dios sa kaniya ang gawain ng pagsulat na nangyari sa aklat.

Sa pamamagitan ng bayang pinili ng Dios, ang ibat-ibang mga aklat ng Lumang Tipan ay naipon at naitagong mabuti.

400 BC

Humigit kumulang sa 400BC ang LUMANG TIPAN ay natapos. Nasulat ito sa wikang Hebreo samantalang ang iilan at maikling mga talata ay nasulat sa wikang Aramaic.

100 AD

Tanging pagkatapos ng kamatayan at pag-akyat ni Hesukristo hanggang sa unang siglo na ang mga aklat at mga liham ng BAGONG TIPAN ay nangasulat sa laganap na wikang Griyego ng panahong iyon.

Si Moses ay namatay sa tinatayang 1400BC, kaya’t masasabi nating ang Bibliya ay nabuo sa loob ng mga 1500 taon.

# Kinumpleto at tinapos

**Maaga pa lamang, ang mga unang Kristiyano ay alam sa pamamagitan ng pangunguna ng Banal na Espiritu kung aling mga aklat ang nabibilang sa Bibliya at alin ang hindi. Meron silang malinaw na mga saligan ng pagkakakilanlan ng isang aklat at sa gayon ay malinaw nilang nasabi ang kaibhan kung alin ang tunay (canonical) at huwad (apocryphal).**

Nahusgahan na ni Martin Luther ang mga huwad na aklat na ito at sinabi nya na amg mga ito ay “hindi kapareho ng Banal na Kasulatan” Samantalang binabasa mo ito mapapansin mo na ang mga tekstong ito ay naglalaman ng mga matinding kontradiksyon sa mga aklat ng Bibliya.

Ang mga kwento tungkol sa Panginoong Jesus at mga alagad, mga huwad na liham mula sa mga tao ng Bibliya pati ang mga maling kasaysayan at geograpiya ay makikita. Noong 1545, sa Council of Trent, ang mga aklat na ito ay ideneklarang kapareho ng ibang mga aklat ng Bibliya kasama ng iba pa upang suporthan ang mga maling katuruan. Maliwanag na ipinapakita nito na ang Apocypha ay walang banal na pinagmulan. Yan ang dahilan kung bakit ang dapat mo lamang maging limbag ng Bibliya ay yaong walang kasamang mga aklat apocryha.

**Ang salita ng Dios sa mga pinili nito at lawak ng mga aklat ay maliwanag na pinagsama-sama sa pangunguna ng Banal na Espiritu at tinapos na para sa lahat ng panahon.**

**Ang salita ng Dios ay angkop na tinawag na Banal na Kasulatan sapagka’t ito ay galing sa Dios. Kahit ngayon meron itong pinakamataas na kapamahalaan sa ating pananampalataya st buhay.**

**Ang langit at ang lupa ay lilipas,**
**ngunit ang aking mga salita ay hindi lilipas.**
Ang Bibliya – Mateo 24:35

# Mga maasahang manuskrito

Mahigit sa 5,000 manuskrito at piraso ng Bagong Tipan sa wikang Griyego ang naitabi. Ang pinaka tanyag na manuskrito ay ang Codex Sinaiticus, isang halos ganap na napanatili Bibliya Griyego mula sa ika-3 siglo na nadiskubre ng iskolar na si Constantine von Tischendorf sa Monasteryo ng St. Catherine sa Sinai Peninsula noong 1859. Ang walang katumbas na halagang yamang pam-Bibliya ay hindi lamang naglalaman ng bahagi ng Lumang Tipan, kundi gayon din naman ng Bagong Tipan at ang 27 mga aklat nito.



Ang Monasteryo ni St. Catherine sa mga bundokin ng Sinai. Dito sa gitna ng ika-19 na siglo nadiskubre ni Tischendorf ang Codex Sinaiticus.

Kasunod ng pagkakaiba-iba ng mga manuskrito at piraso ng Bagong Tipan, mayroong humigit kumulang sa 9,000 lumang salin mula sa mga orihinal na teksto. Kasama ng mga 36,000 na mga quotes mula sa mga Ama ng Iglesia, naging sanhi ito ng halos syento porsyento rekonstruk-syon ng orihinal na teksto sa malawak na eksplorasyon.

Walang isa mang baryante ng teksto ang naglalagay ng mga alinlangan sa katotohanan ng mensahe ng Dios sa Bagong Tipan.

**Ang kaeksaktuhan ng pagkakasalin ng mga teksto ng Bibliya sa loob ng mga libong taon ay kakaiba.**

# Ang kweba ng Qumran

Noong tagsibol ng 1947, isang batang lalaki mula sa tribo ng Bedouins, samantalang hinahanap nito ang kaniyang naglayas na kambing, ang nakakita ng pasukan sa isang natatagong kweba ng Qumran sa kanlurang bahagi ng baybayin ng Dead Sea.

Hinagisan nya ng maliit na bato ang bibig ng kweba. Sa pagka-gulat nya narinig nya ang ingay ng mga nababasag na clay jugs. Ano ito?

Sa kaniyang pagkamausisa, pinilit niyang isingit ang sarili sa mahiwagang kwebang ito at nakita ang ilang mga clay jugs doon na kung saan ay mga balumbon ng mga balat ng hayop na nababalot ng lona. Ang mga ito ay luma, at lubhang mahalagang manuskito na kagulat-gulat na nasa mabuti pa ring kondisyon pagkalipas ng 1,900 mga taon.

Iniuwi ng batang pastol ang mga balumbong ito sa kanila at laking gulat niya nang malamang sobrang interesado ang mga archaeologists dito. Isang malawakan at marahas na pagtugis sa mga manuskrito ang sumunod na ginawa ng mga gahaman at mga adbenturero at mga iskolar.

Ang presyo ng mga balumbon ng mga aklat na ito ay umabot sa milyon-milyon. Ang madamdaming pagka-tuklas sa kweba ng Qumran ay naglagay sa mundo ng mga iskolar upang umikot ito

Para sa atin, ang balumbon ng aklat ni Isaiah ang pinakamahalaga sapagka't ito ang pinaka kumpletong kopya ng aklat ng Bibliya.





Walang kahit isa mang alinlangan sa pagiging tunay ng manuskritong ito na nasulat noong ikalawang siglo BC. Kung ihahambing sa 1,000 taon (!) mas batang teksto Masoretic (teksto Hebreo ng Bibliya Hebreo) ang aklat ni Isaiah, na-diskubre ng may pagka-gulat ang mga iskolar – wala itong pagkakaiba! Ang mga teksto ay umaayon sa isat-isa ng may kamangha-manghang presisyon.

Sapagka't ang teksto ng balumbon ay walang patlang, lahat ng mga kritiko ng Bibliya, na nag-aangking ang aklat ni Isaiah ay naipon sa loob ng maraming siglo ay nasumpungang bigo.

Kabilang sa malawak na natuklasan sa Qumran ay mahigit kumulang sa 250 balumbon ng Lumang Tipan na kung saan ang mga teksto nito ay naipasa ng may pambihirang katapatan

**Iningatan ng Dios ang Kaniyang salita upang mahawakan natin ito sa ating mga kamay na walang nabago. Ang salita ng Dios ay gaya ng isang malaking bato. Hindi ito matitinag.**

**subalit ang salita ng Panginoon ay nananatili magpakailanman**

**Ang Bibliya - 1 Pedro 1:25**

# Paggawa ng Bibliya

## << nakalipas at pangkasalukuyan >>



Ang sining ng paglimbag ay binago ang mundo sa mahigit na 500 taon. Kung ang sinoman ay nangangailangan ng Bibliya noong nakalipas na panahon, kailangan kopyahin ito sa pamamagitan ng kamay na kailangan ng maraming oras at nagkakahalaga ng malaki.

Upang mapangalagaan ang orihinal na texto, kinakailangang alamin ang pinakamatagal na manuskrito sapagka't ang pagkopya ay may dalang panganib na baguhin ito.





Ang pagkatuklas ng mga teksto ay nagpatunay ng mga kagilagilalas na mga bagay: ang mahigit sa 3,000+ na mga kilalang lumang manuskrito ng Bibliyang Hebreo ay tumutugma sa isat-isa at nagpapatibay sa kilalang teksto. Ang pinakamatandang mga bahagi ng Biblya na lumabas mga halos 3,500 na taon ang nakakalipas ay naisalin-lipat ng may katumpakan sa ating panahon.

Paano naging posible ito? Bilang paggalang sa Banal na salita ng Dios, kinailangang isaalang-alang ng mga Judio ang malaking bilang nga mga panuntunan habang ginagawa ang eksaktong pagkopya. Ito ang dahilan kung bakit, bilang halimbawa, ang mga isahang letra o, ang paglabas ng mga salita ay binilang at paulit-ulit na sinuri.

Ngayon malaking bilang ng mga edisyon ng Bibliya ay maaaring limbagin sa maikling oras sa pamamagitan ng mga pinaka makabagong tanggapan ng mga limbagan.

Samantala, napakaraming digital na Bibliya ang nasa internet at maraming Bible-apps ang maaaring magamit ng walang bayad.



**Ngunit ang salita ng Diyos ay patuloy na lumago at lumaganap.**

Ang Bibliya – Mga Gawa 12:24

# Bibliya at Agham

Paanong ang isang aklat na nasulat noong napakatagal ng panahon ang lumipas kasama ng mga kapahayagan nito sa kalikasan at kasaysayan ay parating tama? Bakit hindi kayang pabulaan ng agham ang Bibliya?

May serye ng mga halimbawa na kung saan ang makabagong agham ay huli na kumpara sa Bibliya. Narito ang dalawang mga halimbawa:



## Ang mundo ba ay bilog?

Kahit kailanman ay hindi sinabi ng Dios na ang mundo ay isang disc at ang araw ay lumilibot sa mundo. Ito ang matagal na pinaniwalaan ng maraming mga siyentipiko sa mahabang panahon.

Sa kabaligtaran: Sinabi ng Dios sa isa sa pinaka matandang aklat ng Bibliya sa Job 26:7 **"Iniuunat niya ang hilaga sa ibabaw ng walang laman, at ibinibitin ang daigdig sa kawalan."**

## Ang liyebre ba isang ngumunguyang hayop?



Sa Levitiko 11:4-6 Gayunman, huwag ninyong kakainin ang mga ito sa mga ngumunguya... ang liebre, bagaman ngumunguya...

Ang pahayag na ito tungkol sa liebre bilang hayop na ngumunguya ay itinuring na mali sa maraming siglo.

Gayunpaman, noong ika-19 na siglo natuklasan ng mga siyentipiko na may dalawang uri ng pagdumi ang liebre. Ang isa dito ay yaong kinakain nilang muli upang makuha ang mga pangunahing sangkap nutrisyon.

Kaya nga't ang agham ay kailangan pang sumang-ayon sa Bibliya paulit-ulit pagkatapos ng mga taon na pananaliksik. Gayundin ang mga kapahayagang pambibliya ay hindi tumataliwas sa mga kasalukuyang katotohan na pinatunayan ng agham at arkelohiya.





## Maaari ba itong maiba?

**Maaari bang kalabanin ng Dios ang Kaniyang sarili at ibigay sa atin ang kaniyang salita? (ang Bibliya) Hindi, ang mga kapahayagan ng Dios, ang sanilikha at ang salita ay nagsasang-ayunan.**

# Ang mensahe ng Bibliya

## > Ikaw ay nilikha ng Dios

**Kaya't nilalang ng Diyos ang tao ayon sa kanyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Diyos siya nilalang. Sila'y kanyang nilalang na lalaki at babae.** Genesis 1:27

Ikaw ay isang likha ng Dios. May iisa lamang na ikaw sa mundong ito. Dagdag pa dito, ang iyong katawan, ang mga ginagawa ng iyong mga organs at ng iyong utak ay isang matalinong paglikha ng Dios. Walang anomang banaag ng oras at pagkakataon na gaya ng teyorya ng ebolusyon. Nilikha ng Dios ang tao "sa kaniyang wangis" gaya ng kahulugan ng buhay ay kinabibilangan ng pamumuhay ng may masayang pakikisama sa Dios.

**Gayunman, nahulog sa kasalanan ang tao ay lumayo mula sa Dios,**

## > Itinuturing ka rin ng Dios na isang makasalanan

**Sapagkat walang pagkakaiba; yamang ang lahat ay nagkasala, at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.** Ang Bibliya – Mga Taga Roma 3:22-23

Ang ibig sabihin ng magkasala: pagkilos laban sa mga mabubuting kautusan ng Dios. Walang pagkakaiba kung ang kasalanan at nakikita bilang mga gawa, o ito ay isinigaw, o maaari din namang nasa isipan lamang. Minsan ay sinabi ng Panginoong Jesus na ang pagkapoot sa isang tao ay kasinsama ng pagpatay,

## > Ang Dios ang iyong magiging hukom

**At yamang itinakda sa mga tao ang mamatay na minsan, at pagkatapos nito ay ang paghuhukom...** Ang Bbiliya - Hebreo 9:27

Ang Dios ay ganap na banal at matuwid. Ito ang dahilan kung bakit kinakailangan Niya na isang araw ay hatulan ang bawat bagay na hindi sumusunod sa Kaniya. Walang salang nililiwanag ng Bibliya na ang bawat taong namamatay ng walang kapatawaran ng kasalanan ay maaaring makakaasa ng walang hanggang pagkahiwalay mula sa Dios. Di gaya ng langit, na kung saan ang bawat isa ay may kaugnayan sa Panginoong Jesus ay magtutungo, magkakaroon ng isang dako na tinatawag ng Bibliya na "impyerno" o "dagat-dagatang apoy. Ang Dios ay hindi paroroon at walang posibilidad na maaaring magkaroon ang sinoman na naroon ng kaugnayan sa Kaniya.

**Ganoon pa man may pag-asa!**

## > May malaking interes ang Dios sa iyo

**Dito nahayag ang pag-ibig ng Diyos sa atin, sapagkat sinugo ng Diyos ang kanyang bugtong na Anak sa sanlibutan upang tayo'y mabuhay sa pamamagitan niya.** Ang Bibliya – 1 Juan 4:9

Tumigin ka sa krus ng kalbaryo kung saan si Hesukristo ay sumailalim sa kaparusahan mula sa Dios sa Kaniyang pagdurusa sa malagim na paghihirap. Siya ay iniwanan ng Dios doon sa krus sapagkat pasan Niya ang ating mga kasalanan. Hindi natin maaaring maisip kung ano ang naging kahulugan nito para sa Panginoong Jesus, Siya na ganap na walang kasalanan

**Nakikita mo ba kung gaano ka kamahal ng Dios?**

# Ang saklolo ng Dios - paraan ng kaligtasan

Tayo ay nahiwalay sa Dios gawa ng kasalanan. Hindi matatanggap ng Dios ang ating mga pagsisikap upang pagbutihin ang ating mga sarili. Ang Dios sa Kaniyang kabanalan at dalisay ay nangangailangang hatulan ang kasamaan. May iisa lamang daan palabas. Kinakailangan nating tanngapin ang tanging paraan ng kaligtasan na galing mismo sa Dios.

**Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging Anak, upang ang sinumang sa kanya'y sumampal-ataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.** Ang Bibliya – Juan 3:16

Upang makaugnay ang Dios, ang iyong Manlilikha, si Hesukristo ay naging tao at bumaba sa atin dito sa lupa. Ipinakita ni Hesukristo ang pag-ibig ng Dios sa atin. Kahanga-hangang pinatunayan Niya ito nang namatay Siya doon sa krus ng Kalbaryo. Bilang kinatawan, Dinala Niya sa Kaniyang sarili ang parusa ng ating mga kasalanan.

**Kung tatangapin mo ito sa pananampalataya at ipapahayag mo ang mga kasalanan sa Dios, bibigyan ka Niya ng kapatawaran at buhay na walang hanggan.**



**Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, siya ay tapat at banal na magpapatawad sa ating mga kasalanan at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan.**

Ang Bibliya – 1 Juan 1:9

Si Hesukristo ay buhay!  Siya'y nabuhay mula sa mga patay at nagbalik sa kalangitan.

Ang mabuting balitang ito ay ipinangangaral na sa halos 2,000 taon. Ang kaligtasan kung gayon ay maaari ng ialok sa lahat ng tao. Ang bawat isa na sumasampalataya kay Hesukristo – ang nag-iisa at tanging tagapagligtas - ay magiging malaya mula sa walang hanggang kahatulan ng Dios. Ang bawat tao na tinatanggap ang gawain ng pagtubos ni Hesukristo sa pananampalataya ay idedeklarang matuwid sa harap ng Dios.

**...itinuturing na ganap ng kanyang biyaya bilang kaloob sa pamamagitan ng pagtubos na na kay Cristo Jesus.**

Ang Bibliya – Mga Taga Roma 3:24



# Mga pangakong banal

Sa madaling sabi, ang banal na liham, ang Bibliya ay nagsasabi:

**1. Ang Dios ay banal.**

> *Kailangang hatulan Nya at parusahan ang kasalanan*

**2. Ang Dios ay pag-ibig.**

> *Nais Niyang patawarin ka sa lahat mong kasalanan.*

Kaya kang patawarin ng Dios, Sapagka't ang Kaniyang anak na si Hesukristo ay inako sa ganang kaniyang sarili ang kaparusahan ng iyong mga Kasalanan at binayaran niya ang iyong mga utang.

Gayunpaman, para dito kinakailangan mong lumapit sa Dios na may tunay na pagpapahayag ng iyong mga kasalanan, ng lahat ng kaya mong alalahanin, at sumampalataya ka na si Hesukristo ay namatay para sa iyo bilang iyong "tagapagligtas" at "manunubos ng sanglibutan"..

Sa gayon ang Dios ay may mahigit sa 1,000 di mababagong mga kapahayagan na nakahanda para sa iyo sa Kaniyang mga salita, ang Bibliya

**Ilang mga kapahayagang masusumpungan mo dito >>>**



**Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan; ngunit ang hindi sumusunod sa Anak ay hindi makakakita ng buhay, kundi ang poot ng Diyos ay nananatili sa kanya.**

**Ang Bibliya – Juan 3:36**

**Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang nakikinig ng aking salita at sumasampalataya sa kanya na nagsugo sa akin ay may buhay na walang hanggan, at hindi darating sa kahatulan kundi lumipat na sa buhay mula sa kamatayan.**

**Ang Bibliya – Juan 5:24**

**Subalit ang lahat ng tumanggap sa kanya na sumasampalataya sa kanyang pangalan ay kanyang pinagkalooban sila ng karapatan na maging mga anak ng Diyos.**

**Ang Bibliya – Juan 1:12**

**Huwag kang matakot, sapagkat ikaw ay tinubos ko; tinawag kita sa pangalan mo, ikaw ay Akin.**

**Ang Bibliya – Isias 43:1**

# Ang Alibughang Anak

## Isang kwento mula sa Bibliya

Sinabi ni Jesus, "May isang tao na may dalawang anak na lalaki:
Sinabi ng nakababata sa kanila sa kanyang ama, 'Ama, ibigay mo sa akin ang bahagi ng kayamanang nauukol sa akin.' At hinati niya sa kanila ang kanyang pag-aari.
Makaraan ang ilang araw, tinipon ng nakababatang anak ang lahat ng kanya, at naglakbay patungo sa isang malayong lupain at doo'y nilustay ang kanyang kabuhayan sa maaksayang pamumuhay.
Nang magugol na niyang lahat ay nagkaroon ng matinding taggutom sa lupaing iyon, at siya'y nagsimulang mangailangan.
Kaya't pumaroon siya at sumama sa isa sa mga mamamayan sa lupaing iyon na nagpapunta sa kanya sa kanyang mga bukid upang magpakain ng mga baboy.
At siya'y nasasabik na makakain ng mga pinagbalatan na kinakain ng mga baboy at walang sinumang nagbibigay sa kanya ng anuman.
Subalit nang siya'y matauhan ay sinabi niya, 'Ilan sa mga upahang lingkod ng aking ama ang may sapat at lumalabis na pagkain, ngunit ako rito'y namamatay sa gutom?
Titindig ako at pupunta sa aking ama, at aking sasabihin sa kanya, "Ama, nagkasala ako laban sa langit at sa iyo. Hindi na ako karapat-dapat na tawaging anak mo. Ituring mo ako na isa sa iyong mga upahang lingkod."'
Siya'y tumindig at pumunta sa kanyang ama. Subalit habang nasa malayo pa siya, natanaw siya ng kanyang ama at ito'y awang-awa sa kanya. Ang ama'y tumakbo, niyakap siya at hinagkan.
At sinabi ng anak sa kanya, 'Ama, nagkasala ako laban sa langit at sa iyo; hindi na ako karapat-dapat na tawaging anak mo.'
Subalit sinabi ng ama sa kanyang mga alipin, 'Dali, dalhin ninyo rito ang pinakamagandang kasuotan at isuot ninyo sa kanya. Lagyan ninyo ng singsing ang kanyang daliri, at mga sandalyas ang kanyang mga paa.
At kunin ninyo ang pinatabang guya at patayin ito, at tayo'y kumain at magdiwang.
Sapagkat ang anak kong ito ay patay na, at muling nabuhay; siya'y nawala, at natagpuan.' At sila'y nagsimulang magdiwang.
Samantala, nasa bukid ang anak niyang panganay at nang siya'y dumating at papalapit sa bahay, nakarinig siya ng tugtugan at sayawan.
Tinawag niya ang isa sa mga alipin at itinanong kung ano ang kahulugan nito. At sinabi niya sa kanya, 'Dumating ang kapatid mo at pinatay ng iyong ama ang pinatabang guya, dahil sa siya'y tinanggap niyang ligtas at malusog.' Subalit nagalit siya at ayaw pumasok. Lumabas ang kanyang ama, at siya'y pinakiusapan.
Subalit sumagot siya sa kanyang ama, 'Tingnan mo, maraming taon nang ako'y naglingkod sa iyo, at kailanma'y hindi ako sumuway sa iyong utos. Gayunman ay hindi mo ako binigyan kailanman ng kahit isang batang kambing upang makipagsaya sa aking mga kaibigan.
Subalit nang dumating ang anak mong ito na lumustay ng iyong kabuhayan sa masasamang babae ay ipinagpatay mo pa siya ng pinatabang guya.'
At sinabi niya sa kanya, 'Anak, ikaw ay palagi kong kasama, ang lahat ng sa akin ay sa iyo.
Ngunit nararapat lamang na magsaya at magalak, sapagkat ang kapatid mong ito ay patay at muling nabuhay; siya'y nawala at natagpuan.'"

Ang Biliya – Lucas 15:11-32




# Maraming mga relihiyon – pare-parehong Dios?

Sa mga nakalipas na panahon, sa Kristiyanismo, madalas mong mong makikita ang kapahayagang ang lahat ng mga relihiyon ay tumutungo sa parehong Dios, ibat-iba nga lamang ng paraan.

Ito ay ganap na kabaligtaran sa pinaka-buod na mensahe ng Bibliya na galing mismo sa bibig ni Hesukristo: "Ako ang daan, ang katotohanan at ang buhay" (Juan 14:6) Ang katotohanang ito ay pangkalahatang tinatanggihan sa mga araw na ito.

Halimbawa ang paghahambing na ito ng Quran at ng Bibliya ay maliwanag na nagpapakita na si "Allah ng Islam" ay hindi maaaring maging ang Dios ng Bibliya:

**QURAN**

...kung gayon sumampalataya ka kay Allah at sa kaniyang mga mensahero, at huwag mong sabihin: "Tatlo"... si Allah ay iisa lamang Dios. Siya ay lubhang mataas kaysa pagkakaroon ng isang anak na lalaki.

Ang Quran – hango sa Surah 4.

**ANG BIBLIYA**

**Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging Anak, upang ang sinumang sa kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.** Ang Bibliya – Juan 3:16



**QURAN**

At para sa kanilang sinasabi, "tunay nga, pinatay namin ang Mesias, si Jesus, ang anak ni Maria, ang mensahero ni Allah." At hindi nila pinatay siya, ni hindi rin nila siya ipinako sa krus; kundi may isang ginawa para maging kahawig niya sa kanila.

Ang Quran – hango sa Surah 4

**ANG BIBLIYA**

**Sapagkat ang salita ng krus ay kahangalan sa mga napapahamak, ngunit sa atin na inililigtas, ito ay kapangyarihan ng Diyos... subalit ipinangangaral namin ang Cristo na ipinako sa krus, na isang katitisuran sa mga Judio at kahangalan sa mga Hentil.** Ang Bibliya – 1 Mga Taga Corinto 1:18,23

Maliwanag na itinatanggi ng Quran na si "Allah" ay may isang anak na lalaki, ang pagkatatlo ng persona ng Dios at ang katotohanang si Hesukristo ay namatay sa krus! Subali't ang Dios ng Bibliya ay isang Dios na buhay. Dahil sa pag-ibig Niya sa akin at sa iyo, ibinigay Niya ang Kaniyang anak bilang kahilili para sa ating mga kasalanan hanggang sa kamatayan at kahatulan. Dahil dito ay imposible na si "Allah" ay maging ang Dios ng Bibliya at ang ama ng Panginoong Hesukristo.

## Samantala: ang kristiyanismo ng bibliya ay hindi isang relihiyon!

**Sa ibat-ibang mga relihiyon ng mundong ito, sinisikap ng tao na makasumpong ng daan patungo sa Dios sa kaniyang sariling sikap. Subali't ang Bibliya ay nagpapakita sa atin ng isang banal na Dios na bumaba sa atin sa pamamagitan ng Kaniyang anak na si Hesukristo, upang ang bawat isa na sumasampalataya sa Kaniya at nagpapahayag ng kanilang mga kasalanan sa Kaniya ay maligtas. Ngunit sa kanya na hindi gumagawa, kundi sumasampalataya sa kanya na umaaring-ganap sa masamang tao, ang kanyang pananampalataya ay itinuturing na katuwiran.** Ang Bibliya – Mga Taga Roman 4:5

# Tingnan mo ang kinabukasan



Ang Bibliya ay nagbibigay sa atin ng mga maasahang kapahayagan tungkol sa kinabukasan.

Sa mga araw na ito ay napaliligiran tayo ng kamatayan, kawalan ng moral, karahasan, kagutom, digmaan, mga sakunang pangkalikasan, krisis sa pananalapi, mga trahedya, terorismo...!

Gayunpaman, malapit ng bumalik si Hesukristo! Maliwanag na sinasabi sa atin sa Bibliya na ang mga araw bago ang kaniyang pagdating ay mapupuno ng mga nasabing kaganapan. Ang isang mambabasa ng Bibliya ay nakakaalam din kung paano ito ay magpapatuloy:

Ang mga panahon ng kahangalan ay pinalampas na nga ng Diyos; ngunit "ngayo'y ipinag-uutos niya sa lahat ng tao sa lahat ng dako na magsisi,

Sapagka't itinakda niya ang isang araw kung kailan niya hahatulan ang sanlibutan...". (Mga Gawa 17:30,31)

Ito ay mangyayari sa pamamagitang ng Kaniyang anak na si Hesukristo, na muling babalik sa malapit ng panahon mula sa langit para sa paghatol. Siya, ang hinamak at napako sa krus ay magbabalik bilang mananagumpay at may kapamahalaan ng pinakamataas na hukom. Siya yaong: "itinalaga ng Diyos na maging hukom ng mga buháy at ng mga patay.

(Mga Gawa 10:42)

**Ang kahatulan ay tiyak – subali't may pag-asa para sa iyo!**



Hinulaan ng Bibliya ng buong detalye ang kapanganakan ni Hesukristo pati na ang kaniyang kamatayan, pagkabuhay na mag-uli maraming siglo bago mangyari ang mga ito. Kung paanong ibinigay ni Hesukristo ang Kaniyang buhay para sa iyo, Iniaalok ng Dios ang kaniyang biyaya at kapatawaran sa iyo kahit ngayon sa araw na ito.

**Lumapit ka ngayon, sabi ng Dios – maaaring huli na ang lahat bukas:**

**Ngayon na ang panahong kanais-nais; ngayon na ang araw ng kaligtasan** **Ang Bibliya – 2 Corinto 6:2**

Panghawakan mo ito, makatatanggap ka ng walang hanggang kaligtasan mula sa banal na paghuhukom. Upang gawin mo ito kinakailang mong lumapit sa Kaniya na may pagpapahayag ng iyong mga kasalanan.

Ang makapangyarihang Dios ay humuhula ng ganap na katotohanan: walang tao ang makagagawa nito. Daan-daang mga hula sa Bibliya ay napatunayan na naganap. Hinulaan ng Bibliya ang tungkol sa mga emperyo maraming siglo bago ang mga ito ay nangatayo; hinulaan din ang kapanganakan ni Hesukristo; ang tungkol sa pagkawasak ng Jerusalem 70AD; ang pagkatapon ng mga Hudyo sa ibat-ibang panig ng mundo, atbp.

**Ang lahat ng ito ay nagpapatunay sa natatanging kaparaanan na ang Bibliya ay ang salita ng Dios.**

Halimbawa hinulaan ng Bibliya ang tungkol sa mga Judio (ang bayan ng Israel) sa Deuterenomio 28:64-65: **"Pangangalatin kayo ng Panginoon sa lahat ng mga bayan, mula sa isang dulo ng lupa... sa gitna ng mga bansang ito ay hindi ka makakasumpong ng kapahingahan ang talampakan ng iyong paa."**

**>> hatulan mo sa sarili mo kung ito nga ay ganap na totoo!**

# Sobrang ikli ng buhay!

## at tumatakbo gaya ng pelikula.

**Ngayon** kaylangan mong ihanda ang iyong sarili upang humarap sa Dios isang araw. Gusto mo bang lumipas ang mga oras ng hindi bumabalik sa Dios? Kung gayon magiging huli na ang lahat para sa iyo isang araw.

























**Kung gayon:**

## Makipagkasundo ka sa Dios.

**Ang Bibliya – 2 Corinto 5:20**

# Mga kapansin-pansing pahayag tungkol sa Bibliya

"Sa loob ng 40 taon ay masusing pinag-aralan ko ang Bibliya at ang aking pananampalataya ay mas malakas ngayon kesa noong 40 taon na ang nakalipas. Ang lahat ng pangako ay mapagkakatiwalaan at tunay."

Hudson Taylor (1832-1905), misyonero sa China

"Binabasa ko ang Banal na Kasulatan parati at ng buong pag-iisip at sa aking palagay ang lumang aklat na ito... ay naglalaman ng may mas maringal at magandang wika kaysa alinmang aklat na nasulat sa alinmang panahon."

Sir William Jones (1746-1794), isa sa pinakadakilang tao (nakapagsasalita ng 28 wika) at dalubhasa sa Silangan

"Napakahina, kalait-lait ang mga salita ng ating mga pilosopo kasama ng kanilang mga pagsasalungatan kumpara sa Bibliya. Posible kaya na ang isang aklat na payak at gayon din ay kumpleto ay naglalaman lamang ng mga salita ng tao?"

Jean Jacques Rousseau (1712-1778), pilosopo



"Ang Bibliya ay natatangi at isang makasaysayang dokumento na lubhang maaasahan kung pag-uusapan ang kasaysayan. Naging sanhi ito ng pagkatuklas ng maraming arkilohiyang bagay, at lumikha ng malawak na panitikan sa lumang kultura. Ang Bibliya ay parating nagpakita ng kaniyang pagiging totoo saan man ito patunayan, sa pagla-larawan ng maliliit na detalye gayon din sa paglalarawan ng mga dakilang pangyayari."

Dave Balsinger, Charles E. Seller; Amerikano - archeologist

"Sa Bibliya makukuha mo ang mga dakilang katotohanan na lumalagpas sa kompas ng isip ng tao, at ipinapakita sa atin kung gaano kapatag ang ating limitadong pangangatwiran.

Gayunpaman, sa kaniyang pinakabuod at pangunahing mga kapahayagan ang Bibliya ay hindi mahirap unawain."

Charles H. Spurgeon (1834-1892), mangangaral at revivalist

"Ang Bibliya ay ang tanging doumentong impormasyon mula sa Dios na meron tayo bilang nakalimbag at nasa wikang pang tao. Ito ang dahilan kung bakit ang Bibliya ay natatangi at ganap na maaasahan sa kaniyang buod at sa lahat ng mga kapahayagan nito.

Hindi ang agham, pilosopiya or idelohiya ang siyang nakapagtama sa Bibliya. Sa kabilagtaran, ang Bibliya ang may kakayanan na maglinis ng ating sistema ng kaisipan."

Prof. Dr. Werner Gitt, dating Tagapangulo ng departamento ng information technology sa PTB Braunschweig

**Madaling ibintang na ang Bibliya ay puno ng kamalian, subali't ganap na kakaibang bagay upang patunayan ito.**

# Pagsasalin mula sa tekstong orihinal

Ang pagsasalin ng Bibliya ay isang mahirap na gawain.

Ang tekstong Hebreo ng Lumang Tipan at ang tekstong Griyego ng Bagong Tipan ay naglalaman ng mga letrang kapital lamang na magkakadikit na walang mga tuldok o kuwit. Ito ang dahilan kung bakit mahirap na gawain para sa mga lingguista upang kilalanin kung saan nagsisimula ang bagong pangungusap.

Gayundin, walang mga patinig sa wikang Hebreo gaya ng a,e,I,o,u, tanging mga katinig lamang (b,k,t atbp.)

Kailanga mong idagdag ng sarili mo ang mga patinig. Ang Genesis 1:1 ay magiging ganito:

NGPSMLNLKHNGDSNGLNGTTLP

Mababasa mo ba yun sa mga sumusunod na pangungusap "Nang pasimula nilikha ng Dios ang langit at lupa"? Dahil dito ay dapat tayong maging mapagpasalamat sa mga lingguista, at ang kanilang pagsasaliksik sa mga lumang manuskritong ito, ang pagkadiskubre at pagkasalin ng mga ito.



Gayundin ang repormistang si Martin Luther ay nag-ambag nga malaking kontribusyon noong humigit kumulang sa 500 taon na ang nakalilipas nang kaniyang isinalin ang Bibliya sa wikang Aleman. Simula noon, maraming mga siyentipiko ang nagpatuloy ng gawaing ito ng pagsasalin ng Bibliya nang patumpak ng patumpak at sa ganito rin ay gawin itong mas madaling maunawaan.





Sa wikang Inglis may ilang mga pagkakasalin. Sila ay particular na nagkakaiba sa tanong na kung paanong ang orihinal na teksto ay naisalamin. Sa kasamaang palad ang ilang mga makabagong pagkakasalin ng Bibliya ay lumalayo sa orihinal na teksto, gaya halimbawa ng mga salitang gaya ng "kasalanan" ay naisalin bilang "pagkakamali" at kung magkagayon ay maaaring madaling nawala ang bigat nito.

Kung gusto mong siguraduhin na ang binabasa mo ay ang kung ano talaga ang pinahintulot ng Dios na masulat sa Bibliya, ipinapayo naming na kunin mo ang may pinakamal-apit na pagkakasalin mula sa orihinal na teksto.

Sa kasalukuyan, ang Bibliya o ang mga bahagi nito ay makukuha sa mahigit sa 3,600 na wika. Humigit kumulang sa 97% ng populasyon ng mundo ay may posibilidad na mabasa ang mga bahagi ng Salita ng Dios.

Magkaganito man may mga tagapagsalin pa ring nagsasakripisyo upang maisalin ang Bibliya sa mga wika ng mga nakatira sa mga pinakliblib na dako ng mundo. Madalas, napaka-hirap nito sapagka't kinakailangan munang sila'y lumikha ng mga wikang yaon na nakasulat.

**Ang Bibliya ay naging pinakakilala at pinakamalawak na aklat ng panitikang pandaigdig.**

| | |
|---|---|
| Noong taon 1800, | ang ilang bahagi ng Bibliya ay nasalin sa 75 mga wika! |
| Noong taon 1900, | mayroon ng 567, |
| Noong taon 1953, | mayroon ng 1167, |
| Noong taon 1978 | mayroon ng 1660, |
| Sa taong 2023 | mahigit sa 3,600 mga wika! |

# Ang aklat para sa lahat ng mga tao

**> Isinulat ng 40 mga persona**
**> Isinalin ng daan-daang katao**
**> Inilimbag ng libo-libo**
**> binabasa ng milyon-milyon.**

Walang ibang aklat ang kumalat sa napakaraming mga wika at kultura kaysa ang Bibliya. Ito ang pinaka – nabasang aklat sa buong mundo.

Sa mga susunod na tatlong pahina, ang Bibliya mula sa Juan 3:16 ay ipapakita sa tatlong magkakaibang mga wika.

**Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan na ibinigay Niya ang Kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa Kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.**

Ang talatang ito, ay tinatawag din "puso ng Bibliya", ito ang buod ng mabuting balita ng Dios sa ating mga tao:

> **Gayon na lamang ang pag-ibig sa iyo ng Dios kaya't ibinigay Nya ang kaniyang Anak para sa iyo.**
> **Sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kaniya ikaw ay maliligtas**

**Kikongo** Congo

**Kadi muna nzola kazolele nza o Nzambi i kavanin'o Mwan'andi amosi, kimana konso on okwikilanga muna yandi ke vila ko, moys a mvu ya mvu kevwa.**

**Hebrew** Israel

כִּי כֹּה אָהַב אֱלֹהִים אֶת הָעוֹלָם עַד כִּי נָתַן אֶת בְּנוֹ יְחִידוֹ
לְמַעַן לֹא יֹאבַד כָּל הַמַּאֲמִין בּוֹ, אֶלָּא יִנְחַל חַיֵּי עוֹלָם.

**Turkish** Turkey

**Çünkü Tanrı dünyayı o kadar çok sevdi ki, biricik Oğlu'nu verdi. Öyle ki, O'na iman edenlerin hiçbiri mahvolmasın, hepsi sonsuz yaşama kavuşsun.**

**Bengali** India

কারন ঈশ্বর এই জগতকে এতোই ভালবাসেন, যে, তিনি তার একমাত্র জন্মগ্রহণ পুত্রকে দিলেন যেন যে কেউ সেই পুত্রের উপর বিশ্বাস করে সে বিনষ্ট হয় না বরং অনন্ত জীবন লাভ করে

**Hungarian** Hungary

*Úgy szerette Isten a világot, hogy egyszülött Fiát adta, hogy aki hisz őbenne, el ne vesszen, hanem örök élete legyen.*

**Burmese** Myanmar

ဘုရားသခင်၏သားတော်ကိုယုံကြည်သောသူအပေါင်းတို့သည်ပျက်စီးခြင်းသို့မရောက်ထာဝရအသက်ကို ရစေခြင်းငှါဘုရားသခင်သည်မိမိ၌တပါးတည်းသောသားတော်ကိုစွန့်တော်မူသည်တိုင်အောင် လောကီသားတို့ကိုချစ်တော်မူ၏။

## Chinese — China

神爱世人，甚至将祂的独生子赐给他们，
叫一切信祂的，不至灭亡，反得永生。

## Amharic — Ethiopia

**በእርሱ የሚያምን ሁሉ የዘላለም ሕይወት እንዲኖረው እንጂ እንዳይጠፋ እግዚአብሔር አንድያ ልጁን እስኪሰጥ ድረስ ዓለሙን እንዲሁ ወዶአልና።**

## Greek — Greece

**Επειδή, με τέτοιον τρόπο αγάπησε ο Θεός τον κόσμο, ώστε έδωσε τον Υιό του τον μονογενή, για να μη χαθεί κανένας ο οποίος πιστεύει σ‘ αυτόν, αλλά να έχει αιώνια ζωή.**

## Arabic — Egypt and Middle/Near East

لأنَّهُ هكذا أَحَبَّ اللهُ العالَمَ حتَّى بَذَلَ ابنَهُ الوَحيدَ، لكَيْ لا يَهلِكَ كُلُّ مَنْ يؤمِنُ بهِ، بل تكونُ لهُ الحياةُ الأبديَّةُ.

## Russian — Russia

**Ибо так возлюбил Бог мир, что отдал Сына Своего единородного, дабы всякий, верующий в Него, не погиб, но имел жизнь вечную.**



## Portuguese — Portugal

*Porque Deus amou o mundo de tal maneira que deu o seu Filho unigênito, para que todo aquele que nele crê não pereça, mas tenha a vida eterna.*

## Japanese — Japan

神は、実に、そのひとり子をお与えになったほどに、世を愛された。それは御子を信じる者が、ひとりとして滅びることなく、永遠のいのちを持つためである。

## Telugu — India

**దేవుడు లోకమును ఎంతో ప్రేమించెను. కాగా ఆయన తన అద్వితీయ కుమారునిగా పుట్టిన వానియందు విశ్వాసముంచు ప్రతివాడును నశింపక నిత్య జీవము పొందునట్లు ఆయనను అనుగ్రహించెను.**

## Polish — Poland

Albowiem tak Bóg umiłował świat, że Syna swego Jednorodzonego dał, aby każdy, kto weń wierzy, nie zginął, ale miał żywot wieczny.

## German — Germany

**Denn so hat Gott die Welt geliebt, dass er seinen eingeborenen Sohn gab, damit jeder, der an ihn glaubt, nicht verloren gehe, sondern ewiges Leben habe.**

# Maaaring mong basahin ang Bibliya sa ibat-ibang paraan:

- Maaari mo itong
  basahin ito bilang isang piraso ng lumang panitikan upang busugin ang iyong kuryusidad.
- Maaari mo itong
  basahin bilang isang aklat ng kasaysayan upang kumuha ng mga impormasyon tungkol sa nakalipas na panahon.
- Maaari mo itong
  basahin para lamang sa pangkarunungan upang suriin at i-kritiko at hatulan ang mga kapahayagan nito.
- Gayunman, maaari mo ring basahin ang Bibliya
  sa pananampalataya bilang mensahe ng Dios na binibigay ng Dios sa iyo ngayon.

Kung babasahin mo ang Bibliya bilang mensahe na galing sa Dios, ang pag-ibig ng Dios, na makikita mo kay Hesukristo ay magsasalita sa iyong puso. Kung magkagayon, ang iyong budhi ay malalagay sa banal na liwanag, na pinakita ni Hesus sa Kaniyang mga gawa at salita.





## Kawili wili

### Ang pinakamaliit na limbag ng Bibliya

**> kompletong Bibliya**

Ang pinakamaliit na limbag ng Bibliya na alam natin ay mas malaki lamang sa ₱20 barya. Ang Bibliyang ito ay may habang 2.8 sentimetro, lapad na 3.4 sentimetro at kapal na 1 sentimetro at may 1514 pahina. Mababasa mo ang lahat ng maayos gamit ang isang magnifying glass.




### Ang pinakamaliit na Bibliya sa lahat sa buong panahon

**> sa digital microchip**

Noong 2008, may mga siyentipiko mula sa Institute of Technology ng Haifa ang nagawang isulat ang Lumang Tipan sa kalahating kwadradong milimetro. Mahigit sa 300,000 mga salita ng Lumang Tipan sa wikang Hebreo ang nailagay sa isang silicon chip na may sukat lamang na kasing laki ng isang butil ng asukal. Dahilan sa tulong ng nanotechnology ang isang mini-data na sisidlan ay maaaring gawin. Para mabasa ang teksto ang data ay kinakailangang i-convert at palakihin ng 10,000 beses.

### Maaari pa bang paliitin pa ito?

**> Imbakan ng DNA sa hinaharap**

Ang Dios na manlilikha ay nagtanim ng isang napakatalinong imbakan sa bawat selula ng ating katawan. Ang imbakang ito ay may kakayahang maglaman ng mga bagay na lagpas sa ating kaalaman. Ito ay ang tinatawag na DNA-string na may diametro na pang dalawang milyong milimetro. Sa loob ay ang di mabibilang na impormasyon tungkol sa genetic na sangkap ng bawat tao.

Kung taglay natin ang inihandang sangkap ng DNA sa isang bagay na kasing liit ng butil ng asukal kasama ng ang kaukulang sulatin at kakayahang bumasa nito, kung magkagayon maaari nating iimbak ang isang bilyong kumpletong Bibliya dito. Naniniwala ang mga siyentipiko na ang malahiganteng imbakan ng DNA ay meron sa mga ilang taong darating.

# Ang pinakamabuting kaibigan!



Lahat ng mga bata ay magiliw sa Kaniya. Kinarga Niya sila sa Kaniyang mga bisig.

Siya'y makapangyarihan!  Hinipang malakas ng bagyo ang mga alon ng napakataas, at ang Bangka na Kaniyang kinaroroonan ay nalagay sa malaking panganib. Sinaway Niya ang hangin at ang dagat ay tumahimik.

Pinagaling Niya ang maysakit at nahabag sa lahat ng tao; mahirap man o mayaman.

Nakita Niya ang kasalanan sa ating mga puso, ang pinanggagalingan ng ating mga kahapisan. Gayonman, isang babae na may di magandang reputasyon ay hindi natakot sa Kaniya. Luhaan dahil sa kaniyang pagiging makasalanan, siya'y lumapit sa Kaniya, at pinatawad Niya ang lahat niyang mga kasalanan.

Isang araw kanilang dinakip Siya! Kailangang umalis Siya. Napakabuti at napakadalisay Niya – anopa't hindi Siya maaring ilagay sa kanilang makasalanang kalalagayan. Mas mabuting pang wala Siya sa ganang kanila.

**Siya ay ipinako sa krus at kinailangang mamatay Siya doon.**

At hindi nla naunawaan na alam Nyang lahat ito noon pa man!  Siya, ang anak ng Dios, ay kinailangang bumaba mula sa langit upang mamatay. Nais Niyang iligtas tayong lahat, tayo, na nararapat mamatay, ang kamatayang walang hanggan.

At anong laking kagalakan:  Hindi Siya nanatili sa kamatayan. Nagbangon Siya mula libingan. Siya ay buhay!  Nasa langit Siya ngayon. Nakikita Niya tayo. Kilala ka Niya. Siya'y nanatiling nahahabag sa atin. Nais pa rin Niyang patawarin ang lahat ng ating kasalanan kung dinaramdam mo ang iyong mga kasalanan at ipinapahayag mo ang mga ito sa Kaniya, gaya ng babaeng nabanggit kanina.

"Oo", ay ang sasabihin Niya, "kaya kong patawarin ang iyong mga kasalanan ngayon sapagka't pinasan ko ito doon sa krus."

**Kung gayon isang bagong kasaysayan ang magsisimula:** ang istorya ng iyong bago at binagong buhay, sapagka't ito'y magiging ganap na kakaiba sa buhay mo ngayon. Magiging best friend mo Siya. Maaari mong talakayin ang lahat ng bagay sa Kaniya (ang tawag dito ay "panalangin"). Pagakatapos nito ay babasahin mo ang Bibliya upang mas makilala mo Siya.

Ang Bibliya ay magiging isang nakakaintrigang aklat para sa iyo. Siguradong gugustuhin mong basahin ang isang bagay tungkol sa Panginoong Hesus araw-araw.

Nais lamang Niyang maging best friend mo!





# Malaking paglilinis

Ano ang magiging itsura ng dingding ng kaniyang silid! Dati ito ay puno ng maruming mga basahan, malalaswang larawan at mga posters. Isang araw dumalaw sa kaniya ang kaniyang tiyo na isang artist. Wala siyang binanggit hinggil sa masakit sa mga matang mga larawang nakita niya. Pagkalipas ng ilang araw, ang pamangking ito ay naka-tanggap ng magandang painting mula sa kaniyang tiyo. Ang likhang sining na ito ay nalagay sa marangal na panig ng silid niya at kinailangang matanggal ang mga dating larawang nakalagay doon.

Animo'y isang naiiba, mas dalisay na kapaligiran ang naghari sa silid na iyon sapagka't isa-isang natatanggal ang mga poster na dati'y nakadikit doon. Hindi na sila bagay sa silid na iyon.

Kung sinimulan mong basahin ang Bibliya, posible na ito at iyon ay maararing mawala sa mga dingding ng iyong silid, ang iyong mga aklat o ang iyong mga lagayan ng CD. Ang mga data, mga games or mga links sa iyong PC or smart-phone ay mabubura. Sinong makapagsasabi marahil pati na ang mga madilim na sulok ng iyong puso ay mawawala rin.

**Kaya't kung ang sinuman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang; ang mga lumang bagay ay lumipas na, tingnan ninyo, ang lahat ay naging bago.**

Ang Bibliya – 2 Mga Taga Corinto 5:17

# Ang pinaka kawili-wiling aklat ng mga kwento sa buong mundo

"Mommy, huwag kang tumigil, ituloy mo ang pagbasa! Ang ganda ng kwento, basahin mo hanggang sa katapusan!" Tunay nga ang istorya ay nakakapukaw:



**Kinapopootan ng kaniyang mga kapatid si Joseph; inihulog nila siya sa balon, may nag-ahon sa kaniya at ipinag-bili siya bilang isang alipin sa Egypt, kung saan siya ay nabilanggo bagaman ganap na walang kasalanan. Subalit siya ay naging pangalawa mula sa hari ng Egypt, iniligtas niya ang kaniyang pamilya at buong bansa mula sa gutom.**

Ang Bibliya – Genesis 37-50

Makikita mo ang maraming kawili-wiling kasaysayan sa Bibliya, at mga himala na ginawa ng Dios nang mga panahong iyon.

Ang Bibliya – Daniel 3

**Isipin mo na lamang ang tatlong kai-bigan ni Daniel, na hindi nais yumukod sa mga diosdiosan ng hari at sila'y mga itinapon sa nagliliyab na pugon dahil dito; gayunman lumabasa sila mula roon na hindi man lamang nasaktan.**



## Ang Bibliya ay isang kapana-panabik na aklat, kahit sa mga kabataan!

# Nakakain ka na ba ng belyadona?



(Atropa belladonna)

Ang lason ng isang belyadona ay nakamamatay. “Subali’t kailangan mong subukan ito upang malaman kung paano ang lason nito ay nagtatrabaho.”

Kung may magsabi  nito sa iyo, tama lamang na pagdudahan mo ang kalusugan ng isipan nito. Pero, hindi ba’t ganito tayo kumikilos minsan?  Palalim tayo ng palalim sa mundo ng media, kung saan ang prinsipyo ng Dios tungkol sa kasal at pamilya ay nababaligtad. Binabasa natin ang mga nobelag tungkol sa mga okultismo ay ginagawa, kung saan ang kasinungalingan at intriga ay siyang pinaka usapin. Gusto nating subukan ang mga bagay na ito upang hikayatin natin ang ating sarili na masama nga ang mga ito at makakasakit sa atin.

Sinasabi ng Bibliya na dapat nating “magtakip ng mga tainga sa pagdinig ng pagdanak ng dugo, at magpikit ng mga mata sa pagtingin sa kasamaan; (Isaias 33:15)  Kung magkagayon ang mabuting pirasong payo ay:

**>>> Huwag mong kakanin ang belyadona!**

Huwag mo rin hahayaan na ito ay pumasok ng iyong bahay! Iwasan mo ang anomang bagay na hindi ayon sa kaisipan ng Dios. Nais ng Dios na ilayo tayo sa mga impluwensa ng kasalanan at daan ng kasamaan, at gagawin Niya ito kung babasahin natin ang Bibliya. Ang salita ng Dios ay dalisay at totoo, buhay at walang hanggan. Ipinapakita nito sa iyo ang daan tungo sa tunay na kaligayahan at lehetimong kapayapaan.

**Ilawan sa aking mga paa ang salita mo, at liwanag sa landas ko.** Ang Bibliya –Awit 119:105



# Awit 23

*>> ay isang kilalang teksto mula sa Bibliya <<*



*Ang Panginoon ay aking pastol; Hindi ako magkukulang.*

*pinahihiga niya ako sa luntiang pastulan,i-naakay niya ako sa tabi ng mga tubig na pahingahan.*

*Pinanunumbalik niya ang aking kaluluwa. Inaakay niya ako sa mga landas ng katuwiran alang-alang sa kanyang pangalan.*

*Bagaman ako’y lumakad sa libis ng lilim ng kamatayan,wala akong katatakutang kasamaan; sapagkat ikaw ay kasama ko, ang iyong pamalo at ang iyong tungkod, inaaliw ako ng mga ito.*

*Ipinaghahanda mo ako ng hapag sa harapan ng aking mga kaaway; iyong binuhusan ng langis ang aking ulo, umaapaw ang aking saro.*

*Tiyak na ang kabutihan at kaawaan ay susunod sa akin  sa lahat ng mga araw ng aking buhay; at ako’y maninirahan sa bahay ng PANGINOON magpakailanman.*

ISANG AWIT NI DAVID

**Ang awit na ito ay para sa lahat ng tao. May mas gagaling pa ba sa pagsasabing: Ang Panginoon ay ang aking pastol?”**

**Sa oras ng pangangailangan, kahit tayo’y nakaharap sa kamatayan, sinoman ay makakasumpong ng kaaliwan: “oo bagaman ako’y lumalakad sa libis ng lilim ng kamatayan... ikaw ay kasama ko.”**

# Ang pinakamagaling na patunay

Sa isang palengke may isang babae nakaupo sa likod ng kaniyang hapag na tindahan ng prutas. Kapag walang bumibili hawak niya sa kaniyang kamay ang Bibliya. Tuwang tuwa siyang nagbabasa ng aklat na ito na para sa kaniya ay lubhang napakahalaga.

“Anong aklat yang laging mong binabasa diyan?” isang suki ang sa kaniya’y nagtanong. “Ang aking Bibliya, ang salita ng Dios.” “Paano mo nalamang ito ay ang salita ng Dios? Sinong nagsabi sa iyo?”  “Ang Dios mismo.” “Talaga, ang Dios ba mismo ang nagsabi sa iyo?” tanong ng lalaki na may panunuya.

Ang tindera ay sandaling natigilan sapagka’t hindi nya alam kung paano patutunayan na ang Bibliya ay ang salita ng Dios. Nang bigla ay itinuro nya ang maningning na sikat ng araw at tinanong ang kaniyang suki: “kaya mo bang patunayan sa akin na iyan ang Araw?”  “Patunay?” sagot ng lalaki. “Napakadali. Ang pinakamagaling na patunay ay nagbibigay ito sa akin ng liwanag at init.”

“Eksakto, ganun nga!” sagot ng tindera. “Yan ang pinakamagaling na patunay kung bakit ang aklat na ito ay ang salita ng Dios: binibigyan nito ako ng liwanag at init mula sa loob.”





# Ang inihurnong Bibliya

Si Jan Hus ay maaaring tawaging repormador at martir ng Bohemia. Sa pamamagitan ng kaniyang buhay na patotoo, binuksan niya ang libo-libong mga mata sa natapos na gawain ng katubusan ni Hesukristo.

Pero hindi nagtagal ang pangangaral ng ebanghelyo sa publiko sa kaniyang bansa. Si John Hus ay sinunog sa liwasan; noon din, dumanak ang dugo ng maraming Kristiyano sa lugar na yon at ang mga Bibliya ay hinanap at sinunog.



Nang mga panahong iyon, isang babae, na ang pinakamalaking yaman ay ang salita ng Dios, ang nakatayo sa harap ng kaniyang hurno upang maghurno ng tinapay. Nang bigla narinig niya na ang na ang mga lalaki ng pagsisiyasat ay nagbabahay-bahay sa buong lugar at dinadakip ang sinomang mahuling may taglay na Bibliya.

Walang pagsasayang ng oras, binalot ng babae ang kaniyang bibliya ng harinang kaniyan minasa at ipinasok niya ito sa hurno kasama ng ilan pang mga tinapay.

Mayamaya pa, sinaliksik na rin ang kaniyang bahay. Lahat ay hinalungkat, mula sahig hanggang kisame pero wala silang nakita.

Nang makaalis ng bahay ang mga tagapagusig, luto na ang tinapay at inilabas niya ito mula sa hurno. Narito ang Bibliya ay parang naging kagaya ng tatlong lalaki na sina Shadrach, Mesach at Abednego na itinapon sa nagliliyab na hurno. Ang sabi sa atin ng Bibliya ay iningatan sila ng Dios sa hurno at inilabas mula roon na walang anomang pinsala.
Ang Bibliya – Daniel 3.

**O PANGINOON kong Diyos, nanganganlong ako sa iyo, iligtas mo ako sa lahat ng humahabol sa akin, at iligtas mo ako.**
Ang Bibliya – Awit 7:1



# Tamang tama

**“Hindi para sa akin ang Bibliya”, sabi ni Peter sa kanyang kaibigan, “ang dami kasing nakasulat dyan na di ko naman maintindihan.”**

**Nag-isip si Ken sandali. Alam na alam niya na nagdadahilan lamang si Peter. Kahapon lamang ay nagnakaw sya sa kaniyang kapitbahay. Kaya’t sinabi ni Ken sa kaniya: “Isang bagay ang nakasulat sa Bibliya na alam kong mauunawaan mo.” “E, ano?” “Huwag kang magnakaw!”**

**Yaon ay parang sibat na naglagos sa puso ni Peter. Naisip niya ang ginawa niya kahapon, tumahimik siya at umalis.**

**Ang taong may baluktot na diwa ay hindi sasagana, at siyang may masamang dila ay nahuhulog sa sakuna.** Ang Bibliya – Mga Kawikaan 17:20

# Ang itinapong Bibliya

Kapag ang mga sundalo ay sama-sama, minsan sila ay sobrang saya. Sa kasamaang palad, ang mga oras na gaya nito ang kanilang loobin ay magaspang at mahalay.

Isang pagtatapos ng linggo pauwi ako ng makita ko ang isang kabataang sundalo na nakaupo sa sulok ng kompartamento ng tren at nagbabasa ng kaniyang Bibliya. Bigla, isa pang sundalo ang sumakay at nagsabi: “Magkatuwaan tayo sa isang banal na taong ito.” Pagkasabi nito, inagaw niya ang Bibliya mula sa mga kamay ng kabataang sundalo at tinapon ito sa bintana.

Nangyari ang lahat ng ito mabilis at ang Bibliya ay nahulog sa riles. Nagalit ba ang kabataang sundalo? Hindi, naalala niya ang mga salita ng Panginoon Hesus: “Ako’y maamo at may mapagpakumbabang puso” (Mateo 11:29) Nalungkot siya at subali’t nanahimik lamang.

*Ilang linggo ang lumipas* nakatanggap ang kabataang sundalong ito ng pakete kasama ang Bibliya niya. Kasama nito ay ang kawili-wiling liham. Isang manggagawa sa riles ang nakapulot ng Bibliya. Nang buksan niya ito at nagpasimulang magbasa, nagsalita ang Dios sa kaniyang puso. Nang mga oras na iyon, sadyang takot sya dahilan sa kanyang mga kasalanan, pero sa pagbabasa niya ay nakatanggap sya ng kapatawaran ng kaniyang mga kasalanan sa pagsampalataya sa gawang pangtubos ng Panginoong hesus. Kaya’t naunawaan ng sundalo kung bakit kailangang maiwan niya ang kaniyang Bibliya ng mga ilang linggo. Kamangha-mangha ang mga paraan ng Dios upang abutin ang mga puso ng tao. At ang diablo, ang malaking kaaway ng Dios ay minsan pang natalo

**Kayo, kayo’y nagnasa ng masama laban sa akin, ngunit inilagay ng Diyos para sa kabutihan.** Ang Bibliya-Genesis 50:20.



# An punit na Bibliya

Maraming dekada na ang nakalilipas may subasta ng mga kasangkapang pambahay sa isang maliit na bayan. Kasama dito ay ang isang malaki at lumang Bibliya. Sa wakas ay may nag alok ng halaga at nabili niya ito sa ilang sentimo lamang.

Ang mangangalakal na ito ay inisip na gagamitin na lamang niyang pambalot ang mga pahina ng



Bibliya ng kaniyang mga paninda. Hindi niya naisip kung gaano ang halaga ng mga pahinang iyon ng aklat. Sinabi ng Dios **"Ang aking salita ay hindi babalik sa akin na walang bunga"** (Isaias 55:11).

Sa bayan ding iyon ay may isang lalaki na binabagabag parati ng kaisipan na may kasalanan siya sa kamatayan ng isang tao. Hindi siya mapakali araw at gabi. Ang salitang "mamatay tao" ay parating animo'y mga letrang nagdudumilat sa kaniyang mga mata. Isang araw ay pinapunta niya ang kaniyang anak na lalaki sa tindahan iyon upang bumili ng ilang bagay. Bumalik ang anak niya dala ang kaniyang pinabili, na nakabalot sa isang pahina ng lumang Bibliya. Bigla nakita nito ang talata mula sa Hebreo 9:22 sa mga mata niya: "Kung walang pagbubobo ng dugo ay walang kapatawaran ng kasalanan."



Nang una, hindi niya maunawaan ang mga salitang ito. Pero ang hanap niya ay kapatawaran. Kailangan malaman niya ito sa anomang halaga. Kaya't pinabalik niya ulit ang kaniyang anak na lalaki sa mangangalakal, na nang dumating ito ay pinipilas na ng mangangalakal ang mga pahina sa unang sulat ni Juan. Nang magkagayon, ang lalaking ito na pinahihirapan ng kaniyang konsyensya ay naibsan ng bigat sa kaniyang kaluluwa sapagka't nabasa niya: **"Ang dugo ni Hesukristo na kaniyang anak ay naglilinis ng ating kasalanan"** at **"kung ipapahayag natin ang ating mga kasalanan ay tapat at banal Siya na lilinisin Niya tayo mula sa ating mga karumihan"** (1 Juan 1:7-9)

Ang mga salitang ito ay suminag gaya ng isang liwanag sa kaniyang madilim na kaluluwa. Naranasan niya na ang dugo ng Panginoong Hesukristo, na kaniyang binuhos doon sa krus, ay makapaghuhugas ng lahat ng kasalanan. Sa pamamagitan nito ang lahat ng magpapahayag ng kanilang kasalanan sa Dios ay makakasumpong ng sakdal na kapayapaan para sa kanilang puso at budhi.

Ang salita ng Dios ay naging pagpapala sa milyon-milyong mga tao. Madalas, isang talata lamang o isang pahina mula sa Bibliya. Ang salita ng Dios ay "buhay at makapangyarihan... at nagtatagos (Hebreo 4:12). Ganito niliglig ng Dios ang maraming matigas o wasak na mga puso.

Kahit ang punit na Bibliya ay makapagdadala sa mga tao sa tunay na kasayahan...

## Ang Salita ng Dios ay katotohanan

Ang Salita ng Dios ay katotohanan na umaangkin sa tao sa kalaliman ng kanilang budhi at hindi nito sila pinatatahimik.

May isang tao na sinubukang itapon ang Bibliya kung paanong ang isang taong palaboy ay dinudurog ang salamin na nagpapakita sa kaniya kung gaano siya kagulo at kadumi.

## Ang salita ng Dios ay nananaili magpakailanman

Iiingatan ng Dios ang Kaniyang mga salita: kaya nga't walang pangangailangan upang protektahan ang Bibliya.

**Patasin mo ang lahat ng mga libro na kumakalaban sa Bibliya na magkakapatong, makikita mo ang isang patas na mas mataas pa sa mga Pyramids ng Egypt. Itabi mo dito sa patas na ito ang Bibliya. Ang Bibliya ay buo. Ito'y mananagumpay at madadaig yaong lahat ng kumakalaban dito.**





**Datapuwa't ang salita ng Panginoon ay nanatili magpakailanman.**

Ang Bibliya - 1 Pedro 1:25

**Magpakailan, O Panginoon, ang iyong salita ay natatag sa langit.**

Ang Bibliya – Awit 119:89

**Ang kabuuan ng iyong salita ay katotohanan; at bawat isa sa iyong matuwid na batas ay nananatili magpakailanman.**

Ang Bibliya - Awit 119:160

# Ang Bibliya ay gaya ng ...

## Tinapay

Ito ang tinapay na bumababang galing sa langit upang ang sinoman ay kumain nito at huwag mamatay. Juan 6:50



## Apoy



Hindi ba ang aking salita ay parang apoy at parang maso na dumudurog ng bato? sabi ng PANGINOON. Jeremias 23:29

## Ilaw

Ilawan sa aking mga paa ang salita mo, at liwanag sa landas ko. Awit 109:105



## Gatas



Gaya ng mga sanggol, mithiin ninyo ang malinis na espirituwal na gatas, upang sa pamamagitan nito'y lumago kayo.
1 Pedro 2:2

## Pulot pukyutan

... higit ding matamis kaysa pulot at sa pulot-pukyutang tumutulo. Awit 19:10






## Ginto

...Higit na dapat silang naisin kaysa ginto, lalong higit kaysa maraming dalisay na ginto. Awit 19:10



## Pilak



Ang mga salita ng PANGINOON ay mga dalisay na salita, gaya ng pilak na sinubok sa hurno sa lupa, na pitong ulit na dinalisay. Awit 12:6

## Isang salamin

Sapagkat ang salita ng Diyos ay... may kakayahang kumilala ng mga pag-iisip at mga hangarin ng puso; At walang nilalang na nakukubli sa harapan niya.
Hebreo 4:12,13



## Isang maso



Hindi ba ang aking salita ay parang apoy at parang maso na dumudurog ng bato?
Jeremias 23:29

## Isang tabak

...ang tabak ng Espiritu, na siyang salita ng Dios. Efeso 6:17 at Hebreo 4:12



## Ang binhi



Hindi ng binhing nasisira, kundi ng walang kasiraan, sa pamamagitan ng buháy at nananatiling salita ng Diyos. 1 Pedro 1:23

# Mga payo sa pagbabasa ng Bibliya

**Basahin ang Bibliya upang makaugnay ang Dios ng tuwiran. Maaari mong simulan halimbawa sa Ebanghelyo ni Lucas sa Bagong Tipan, ito ay isang paglalahad ng buhay ni Hesukristo. Bukod sa riyan ang Bagong Tipan ay syang susi ng pagkaunawa sa Lumang Tipan.**

**Kung gusto mong basahin ang Bibliya na may tuwa at pakinabang ang sumusunod na pitong punto ay kapakipakinabang:**



## 1. Gumamit ng mabuting salin

> Gamitin ang isang Bibliya na madaling basahin, subali't may malapit na pagkakasalin mula sa orihinal na teksto.
(Sa kasamaang palad, may mga edisyon ang Bibliya na kung saan ay makikita mo ang paglihis mula sa tunay na mensahe ng Bibliya)

## 2. Huwag magmadali

> Ipasiya mo na maglaan ng libreng mga labing lima minuto ng isang oras kada araw para sa "quiet time" upang makipagtagpo sa Dios. Ang isang araw ay may 96 na labinlimang minute, ibigay mo ang isa sa mga iyon sa Dios. Nais ka niyang makausap.

## 3. Kailangan mo ng katahimikan

> Basahin mo ang Bibliya sa isang tahimik na lugar
Pwede nga na basahin mo ang Bibliya online, o i-download ang isang libreng app. Pero pag binabasa mo ang Bibliya na gaya ng isang limbag na libro, hindi ka maaabala at makakatuon ka ng iyong pansin na mas mabuti.

## 4. Manalangin sa Dios

> Hilingin mo sa Dios na iyong maintindihan ang binabasa mo.
Walang makapagpapaliwanag sa iyo ng Bibliya na mas magaling pa kaysa sa Kaniya na sumulat nito.

> Tanungin mo ang Dios: "Ano ang nais mong sabihin sa akin? Paano ko mailalagay ito sa gawa?"
Tanging Siya lamang ang nakakakita ng iyong puso, at nakakaalam ng iyong kahirapan at mga pinagdadaanan.

> Pasalamatan mo ang Dios para sa kaniyang mahalagang salita.
Ang pagbabasa ng Bibliya ay isang malaking pagpapala at may malaking kapakinabangan. Tingnan ang Awit 119:162

## 5. Pagbulaybulayin mo ito

> Pagisipan mo ang nabasa mo.
Kakaunti lamang ang pakinabang mo kung mabilis mong babasahin ang Bibliya. Tingnan ang Awit 119:15,27,48

> Guhitan mo ang mga mahahalagang teksto at ang magkakaugnay na mga talata. Kung gayun, ay makikita mong mas madali bandang huli at mas mainam mong masasaulon ang mga ito.

## 6. Matuto sa pamamagitan ng puso

> Alamin mo ang mga talatang naging mahalaga sa iyo sa pamamagitan ng puso. Maaalala mo sila sa iyong isipan anomang oras. Dahil dito ay makatutulong ang mga ito sa ibat-ibang sitwasyon mo sa buhay.
Tingnan ang Awit 119:11; Mga taga Colosas 3:16

## Ilagay mo ito sa gawa

> Gawin mo ang ipinapakita at sinasabi ng Dios sa Bibliya.
Ang pagsunod sa Kaniya ay nagpapasaya sa iyo at nagpapalalim ng iyong kaugnayan sa Dios. Tingnan ang Santiago 1:22

**Mapalad sila na nakikinig ng salita ng Dios at iniingatan iyon.** Ang Bibliya Lucas 11:28

# Hinihingi ang kapasiyahan!

Nakatanggap ka ng maraming mga payo at impormasyon tungkol sa Bibliya, ang "liham" mula sa Dios para sa iyo. Pakiusap bigyan mo ng katugunan ang Dios. Huwag mong ipagpaliban ang iyong kapasiyahan!  Alam mo kung gaano kahalaga ang pakinggan ang Dios. Baka hindi ka na ulit magkaroon ng pagkakataon.

Nais ng Dios na lumapit sa iyo sa kaniyang kabutihan at biyaya, at hindi bilang hukom. Tinatawag ka niya upang manumbalik. Subali't kung magpatuloy kang hindi mo pansinin at tanggihan mo ang mensahe ng Dios, kung magkagayon ang landas mo ay patungo sa walang hanggan mong pagkahiwalay sa Dios, sa makatuwid ay ang impyerno.

**Subali't nag-aalok ang Dios ng isang napakagandang handog sa iyo sa pamamagitan ng Kaniyang anak, si Hesukristo:**

**Sa panalangin sa Dios, maaari mong iwanan ang lahat mong pasang kasalanan sa pamamagitan ng mga tapat at madaling pananalita. May kasiyahan Siyang patatawarin ka kung ipapahayag mo ang mga ito sa Kaniya. Sabihin mong nabuhay ka ng hiwalay sa Kaniya at nagkasala laban sa Kaniya. Kung gagawin mo ito ng tunay maaasahan mo na si Hesukristo ay binayaran din ang iyong mga sala nang tumungo Siya sa kamatayan doon sa krus.**

**Kung tatanggapin mo ang dakilang alok na ito sa pananampalataya ang daan sa langit ay bukas para sa iyo, na siyang dako ng walang hanggang pakikisama sa Dios. Kung magkagayon ang iyong buhay ay may dahilan at layunin.**



Gayon na lamang ang interes ng Dios sa iyo. Kaya nga't nagsalita Siya sa iyo sa pamamgitan ng liham na ito, ang Bibliya. Nais niyang maligtas ka at matanggap mo ang tunay na kapayapaan. Tunay at tapat na iniibig ka Niya at nagmamalasakit Siya sa iyo.

Pakiusap basahin mo ang Bibliya ng walang reserbasyon at ng may bukas na puso. Sagutin mo ang Dios!  Pasalamatan mo Siya sa panalangin na ang Kaniyan mabuting salita ay nakarating sa iyo at tinanggap mo ito. Iyon ay magiging pinakamalaking kagalakan sa Dios!

**Magkakaroon ng higit na kagalakan sa langit dahil sa isang makasalanang nagsisisi.**

Ang Bibliya – Lucas 15:7



Ang malaking kagalakan mo ay kung masasabi mo sa Dios:

**Inaamin ko ang aking kasalanan sa Iyo, at ang aking mga pagsalangsang ay hindi ko itinatago; Sabi ko, ipapahayag ko ang aking mga pagkakasala sa Panginoon, at pinatawad Mo ang aking kasalanan.** Ang Bibliya Awit 32:5

Dahil dito ang mga walang hanggang pangako ng Dios ay angkop para sa iyo rin:

**... Binibigyan ko sila ng buhay na walang hanggan, hindi sila kailanman mapapahamak, at walang sinomang makakaagaw sa kanila mula sa aking mga kamay.**

**Ang Bibliya – Juan 10:28**

**Narito ako ay sumasainyong palagi, hanggang sa katapusan ng panahon.**

**Ang Bibliya – Mateo 28:20**





Maaari kang makakuha
ng kopya ng
**"Isang liham para sa iyo"**
at marami pang babasahin
sa ibat-ibang napakaraming wika:

GBV Der Gute Botschaft Verlag

**GBV Dillenburg GmbH**

Eiershäuser Straße 54
35713 Eschenburg
GERMANY

www.gbv-dillenburg.de
www.gbv-online.org
www.bibleo.org

**GRACE AND TRUTH**
San Pablo City, Laguna
Email: biblicalanswersphilippines@gmail.com
Phone: +63 (0) 906 477 9552 (English)
Phone: +63 (0) 950 358 3071 (Filipino)

**ISBN 978-3-96162-148-4**

GBV 148 4010 A Letter for You Tagalog